EMPLOYMENT ONTARIO
Ontario's employment & training network

Ontario

Ang Mga Abuloy (Financial Supports)

Pautang para sa mga Kasangkapan

Ang Programa ng Pautang para sa Kasangkapan (Loans for Tools Program) ay nagbibigay sa mga bagong aprentis ng pautang para tulungan silang bumili ng mga kasangkapan at kagamitan na kailangan para magawa nila ang kalakal kung saan sila nakalista.

Ang programa ay kinikilala na ang halaga ng mga kasangkapan at kagamitan ay hindi pare-pareho sa sektor ng kalakal kung saan nakalista ang aprentis.

Ang mga sumusunod na pinakamalaking pautang ay puweding makamtam sa bawat sektor:
Sektor ng serbisyo - $300.00
Sektor ng konstruksyon - $400.00
Sektor ng industriya/fabrika - $400.00
Sektor ng pag-andar ng mga kotse - $800.00

Ang pautang ay walang interes habang nag-aaral ang aprentis hanggang isang taon pagkatapos ng pagsasanay sa trabaho. Pagkatapos ng isang taon, mayroon nang interes ng priym plas 1.5 por siyento. Pag ang aprentis ay umalis sa programa o pag nakansel ang registrasyon niya, ang pautang ay kailangang bayaran sa Pamahalaan ng Ontario sa loob ng 60 araw magmula sa petsa noong nakansel. Pagkatapos ng 60 araw, ang interes ay priym plas 1.5 por siyento.

Sino ang puweding sumali?

Ang mga pautang para sa mga kasangkapan ay puweding makuha ng mga bagong aprentis na nakalista.

Papaano ko makukuha ang Programa sa Pautang para sa mga Kasangkapan

Para mag-aplay sa pautang, ang mga aprentis ay dapat kompletuhin ang kasunduan sa pautang na kasama sa pakete ng impormasyon na pinadadalang otomatiko sa bawat aprentis na bagong naglista, at binabalik ito sa Ministeryo ng Pagsasanay, Kolehiyo at Unibersidad (Ministry of Training, Colleges and Universities) sa sobreng nakalakip.

Ang ministeryo ay sasagot sa loob ng 60 araw pagtanggap ng kasunduan sa mga pirmadong pautang.

Para sa higit na impormasyon:

Kontakin ang mga nangagasiwa sa Programa sa Pautang para sa Kasangkapan ng Ministeryo ng Pagtuturo, Kolehiyo at Unibersidad ng Ontario (Ontario Ministry of Training, Colleges and Universities Loans for Tools). Libre ang pagtawag sa 1-800-313-1746.

1-800-387-5656
(416) 326-5656 (Toronto)

www.ontario.ca/employmentontario

ISBN 1-4249-2456-1